Financial Assistance na matatanggap

Naglabas ng pahayag sa kanilang homepage ang Ministry of Internal Affairs and Communication ukol sa impormasyon sa pagtanggap ng Financial Assistance noong Abril 20, 2020.

○ Sino ang makakatanggap ng Financial Assistance at pwedeng kumuha nito

・Ang lahat ng mamamayan na nakarehistro sa Basic Resident Register ay makakatanggap nito.

・Ang pwedeng kumuha nito ay ang Householder ng taong tatanggap (kung mayroon).

※Ang Foreigner na naninirahan ng higit 3 buwan sa Japan at may residence card ay makakatanggap nito.

○ Matatanggap na halaga

・100,000 yen bawat tao

○ Mga dapat gawing proseso upang makatanggap nito.

1. Sa pamamagitan ng Koreo: Pagkatanggap ng Application Form mula sa Munisipyo, pirmahan ito at ihulog sa post office kalakip ang kopya ng Passbook sa Banko o Post Office (kung saan ipapadala ang pera) at ID.

※Ang Application form ay ipapadala sa address na nakatala sa Basic Resident Register hanggang sa araw na Abril 27, 2020. Kung kayo ay lumipat ng tirahan, maaaring hindi makarating sa inyo ang application Form kaya tayo po ay makipag ugnayan sa Munisipalidad ng ating dating tirahan.

2. Sa pamamagitan ng Internet: (Ito ay para sa may My Number lamang) I type ang inyong detalye ng bank account sa MynaPortal, i upload ito kasama ng inyong ID.

○ Araw ng pagtanggap

・Pagdedesisyunan ng bawat Munisipyo.

・Sa loob ng 3 buwan matapos mag apply.

○ Call Center:

Tel: 0120-260020

Oras: 9:00 ~ 18:30

Kung kailangan po ng Interpretasyon, huwag pong mahiyang tumawag sa center.
Para sa karagdagang kaalaman:
https://www.soumu.go.jp/menu_seisaku/gyoumukanri_sonota/covid-19/kyufukin.html
(Wikang Hapon lamang)